# Kapag Nagretiro Ka Mula Sa Iyong Sariling Negosyo: Ano Ang Dapat Mong Malaman

2008

Kung ikaw ang may-ari at nagpapatakbo ka ng negosyo at mas bata ka(62 ) sa kabuuang edad ng pagre-retiro (65 at ilang buwan, depende sa sinilangang mong taon), at ikaw ay naghahanda na sa pagre-retiro, kailangang malaman ng Social Security kung magre-retiro ka na ng lubusan o kung may plano ka pa ring magtrabaho. Kung ikaw ay nasa buong edad na ng pagre-retiro o mas matanda pa rito, makukuha mo ang lahat ng iyong mga benepisyo sa Social Security, magretiro ka man o hindi sa negosyo mo.

Kapag ikaw ay nagtrabaho para sa sinuman, madaling malalaman kung ikaw ay “retirado” na. Ang suweldo mo ang makapagsasabi ng buong katotohanan. Ngunit kung nagta-trabaho ka sa negosyo na pag-aari mo (o ng iyong pamilya), o kung ikaw ay opisyal ng korporasyon, hindi ito ganyan kadali. Dahil ikaw ay maaaring nasa kalagayan kung saan mapapamahalaan mo ang iyong kinikita, maaaring kailangan mo pa ring magbigay ng karagdagang impormasyon sa Social Security—tulad ng mga balik buwis o mga talaan ng korporasyon—kapag mag-a-apply ka na para sa mga benepisyo. Matutulungan kami nitong matiyak sa pagre-retiro mo ang halaga ng iyong benepisyo. Dapat katumbas ng iyong kinikita ang trabahong ginagawa mo. Hindi mo maaaring bigyan ang iyong sarili ng mas maliit na suweldo upang manatili sa loob ng mga hangganan ng mga kikitain sa Social Security.

## Paanong ang kita mo ay maka-kapag-pabawas ng iyong benepisyo sa Social Security

Ang halagang ng mga kinita pagkakaiba bawat taon. Kung ikaw ay mas nakababata sa buong edad ng pagre-retiro ng 2008, maaari kang kumita ng hanggang $13,560 habang tumatanggap ka pa rin ng lahat ng iyong mga benepisyo sa Social Security. Para sa bawat $2 na kikitain mo na lampas ng hangganang ito, $1 ang ibabawas sa iyong mga benepisyo. Sa taon na umabot ka ng iyong buong edad ng pagre-retiro, ang iyong mga benepisyo ay babawasan ng $1 para sa bawat $3 na kinita mo pag-lampas ng $36,120 hanggang sa umabot ka sa buong buwang edad ng pagre-retiro. Kapag umabot ka na ng buong edad ng pagre-retiro, ang iyong mga benepisyo sa Social Security ay hindi babawasan, gaano man kalaki ang iyong kikitain.

Ang kabuuang edad ng pagre-retiro ay 65 (animnapu't lima) maraming taon na ang nakararaan. Nguni't, sa mga tao na ipinanganak ng taong 1938 o sa mga susunod pang taon, ang edad ay paunti-unting tataas hanggang sa umabot ito ng 67 (animnapu't pito) para sa mga tao na ipinanganak noong 1960 o sa mga susunod pang taon. Halimbawa, ang kabuuang edad ng pagre-retiro para sa mga tao na ipinanganak noong 1943 hanggang 1954 ay 66 (animnapu't anim). Ang tatanggaping benepisyo ay mababawasan kapag ang kinita ay mas marami sa itinakdang hangganan.

## Ikaw ba ay talagang nagretiro na?

Kapag nag-apply ka para sa mga benepisyo ng Social Security, may ilang mga kalagayan na nanga-ngailangan ng karagdagang impormasyon at katunayan upang malaman ang iyong pamantasan sa pagiging retirado. Halimbawa, angkop ang mga karagdagang katanungan kung ikaw ay—

- Nasasangkot sa negosyo ng pamilya o ginagawa ng miyembro ng iyong pamilya ang ilan, o lahat, ng iyong mga tungkulin;
- Patuloy na nagbibigay ng mga serbisyo para sa negosyo sa mas mababang halaga ang katumbas;
- Nasa puwesto upang pamahalaan ang iyong mga kinikita;
- May-ari ka pa rin o kabahaging may-ari ng negosyo at nagma-may-ari ng stock sa negosyo; o
- Naki-kibahagi ng mga suweldo ng iba (halimbawa, hinahati mo sa iyo at ng iyong asawa o mga anak ang datihan mong suweldo).

## Karagdagang katunayan na maaaring kailanganin

Maliban sa application para sa benepisyo sa pagre-retiro, tatanungin ka namin tungkol sa iyong mga plano sa pagre-retiro. Maaari ka naming hilinging kumpletohin ang *Self-Employment/ Corporate Officer Questionnaire* (*Mga Katanungang Pang-opisyal ng Korporasyon/ pagtatrabaho sa sarili*) (Form SSA-4184) upang mabigyan kami ng impormasyon na kailangan namin upang matiyak kung nag-retiro ka na nga o hindi pa. Maaari ka rin naming hilinging magbigay ng mga karagdagang kasulatan, katulad ng mga personal at pang-negosyong balik buwis, mga corporate resolution, mga stock transfer agreement, at mga pagbibitiw sa trabaho. Binibigyan namin ng karagdagang pansin ang mga kalagayang kung saan ang iyong suweldo ay binawasan, ngunit tinutumbasan naman ito ng pagbabayad sa ibang paraan. Maaaring kabilang dito ang pagtataas sa mga dibidendo, pagtataas sa suweldo ng ibang miyembro ng pamilya (na walang pagbabago sa pinananagutan), sobra-sobrang pagsauli ng bayad para sa upa o pagka-kautang, at walang kapaliwanagan ng mga ginastos sa negosyo.

(kabila)

## Ano ang binibilang naming kita

Kapag nagpatuloy kang tumatanggap ng kabayarang suweldo, isinasaalang-alang namin ang trabahong ginagawa mo at ang halagang kinita mo habang ikaw ay nagta-trabaho at ihahambing namin ito sa iyong trabaho at ng mga kinita mo pagkatapos ng iyong "pagre-retiro." Tinitiyak naming makatwiran ang kahalagahan ng mga serbisyong ginagawa mo para sa negosyo, ito ay batay rin sa panahong ginugugol mo at sa uri ng mga serbisyo, at ikinukumpara namin ito sa kitang matatanggap mo. Kung pinagpasiyahan man namin na ang kahalagahan ng iyong mga serbisyo ay lumampas sa iyong kinita, dapat naming tiyakin ang dolyar na halaga para sa mga serbisyong iyon at ibibilang ito laban sa mga taunang hangganang kinikita sa Social Security.

At kung matiyak naming hindi ka pala nag-retiro at kung ang mga kinita mo ay naiulat mo ng kulang, may karapatan kaming isaayos ang talaan ng mga kinita mo sa Social Security. Maaari din naming ipaalam ito sa Internal Revenue Service upang makatiyak kung ang iyong pananagutan sa buwis ay kakailanganing isaayos.

## Ang halimbawa

Ang sumusunod na mga halimbawa ay naglalarawan ng isang kalagayang nangangailangan ng malawak na paki-kipanayam at ng kasulatan dahil ang taong ito ay magre-retiro na mula sa negosyo o korporasyon ng pamilya: Si Mr. Davenport ay may-ari at namamahala ng tindahan ng muwebles at handa na siyang mag-file para tumanggap ng mga benepisyo sa Social Security. Napagpasiyahan niyang pangalanang tagapagmahala ang kanyang asawa kahit na binabalak pa rin niyang mag-patuloy na pamahalaan at pangasiwaan ang kanyang negosyo. Kakailanganin naming ihambing ang kanyang kikitain na kapantay ng trabahong ginagawa niya bago niya pinangalanang tagapagmahala ang kanyang asawa.

Kung malalaman namin na ang kanyang "pagre-retiro" ay ginawa sa papel lamang para mailipat ang mga kikitain sa kanyang asawa, hindi naman binawasan ang kanyang serbisyo, isasaayos namin ang talaan ng kanyang mga kinita upang isalarawan ang kanyang pagkakasangkot sa negosyo at upang mabayaran siya ng mga benepisyo batay na rin sa naisa-ayos na talaang iyon. Ipapa-alala namin kay Mr. Davenport na kung ninanais niyang magpatuloy na magtrabaho at tumanggap ng kanyang mga benepisyo sa Social Security, ang halaga ng kanyang mga kinita ay dapat katumbas ng trabahong gagawin niya.

## Maagang paki-kipag-alam sa tanggapan ng Social Security ay importante

Kailangan mong siyasatin kung ano ang mga siguradong kasulatang kakailanganin mo kapag ikaw ay mag-a-apply na ng mga benepisyo sa Social Security. Tatandaan lang na kung ikaw ay mas nakakababata (62) kaysa sa kabuuang edad ng pagre-retiro, ikaw ay dapat na "magretiro" bago ka maka-kolekta ng mga benepisyo ng "pagre-retiro"—o ang kahulugan nito ay kailangang may katuturang bawasan mo lamang ang pagsangkot sa negosyo mo at panatilihin na ang iyong mga kikitain ay hindi lumampas sa hangganan na ipinaliwanag na namin kamakailan. Ito ang kapahintulutan naming bayaran ka ng ilan o ng lahat ng iyong mga benepisyo sa Social Security.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10038-TL
When You Retire From Your Own Business: What You Need To Know (Tagalog)
January 2007